

1

Isa lang siyang simpleng empleyada, nangungupahan sa isang di-kalakihang apartment, at kaka-break up lang sa boyfriend niya about two months ago dahil nalaman niyang nakabuntis ito ng ibang babae. In short, simple lang ang buhay ni Johaimah.

Pero ang simpleng buhay niya ay naging komplikado sa dami ng memo na kanyang natanggap dahil sa kaliwa't kanang strike ng mga drivers ng pampasaherong jeep. Bukod sa kalyo sa paa ay warning dito at warning doon ang naging resulta ng sunud-sunod na pagka-late niya sa trabaho.

Akala niya ay hanggang warning lang ang lahat dahil maayos naman niyang naipaliwanag sa kanyang immediate supervisor na mahirap talagang makasakay ng jeep nitong mga nagdaang araw, pero kaninang umaga ay may notice na nakapatong sa kanyang table: Notice of Termination.

Miss Johaimah Campong,

We regret to inform you that after a thorough investigation of your performance and tardiness, the

accumulated warning issued has been considered enough ground for your early termination of contract...

Nangalumbaba si Johaimah at tiningnan na lang ang papel na tumapos sa akala niya ay papaganda nang career. Naabutan siya sa ganoong posisyon ni Dada. Kaibigan at kasama niya ito sa inuupahang apartment. Kaklase niya ito nang magkolehiyo sila sa Davao at nang makipagsapalaran siya sa Maynila ay sumama ito sa kanya. Dahil mas madiskarte siya kaysa rito ay siya ang na-hire sa *N&J Corporation*. College undergraduate silang pareho ni Dada. Umabot nang ilang buwan bago ito natanggap na tagalinis sa food court ng isang mall.

Kung tutuusin ay mas mataas ang nagagasta ng kaibigan kaysa sa suweldo nito buwan-buwan kaya mas inaako niya ang mga bayarin sa apartment. Ngayong wala na siyang trabaho, talo pa nila ang kabayong pangkarera na napilayan.

Nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanya at sa papel na nakapatong sa center table ng di-kalakihang sala nila. Nang hindi pa rin siya kumikilos o nagsasalita ay kinuha nito ang papel na tinitingnan niya. Binasa ni Dada iyon nang malakas.

“Wala ka nang trabaho, Jhoey. Kahit bali-baliktarin mo pa itong papel ay hindi na mababago ang kapalaran mo,” prangkang sabi nito.

Nagkamali yata siya sa naisip na dadamayan siya nito. Kung kanina ay nasa denial pa siya sa five stages of coping, sa ginawa nito ay napabilis yata ang first stage niya.

“Gagawin ko ang lahat, ibalik lang nila sa ’kin ang trabaho ko. Tatlong taon rin akong naging tapat sa kompanyang iyon ’tapos dahil lang sa ilang sunud-sunod na late, ite-terminate agad ako? Makatarungan ba iyon?” Humihingi ng simpatya ang tono ni Johaimah.

Sa halip na sagutin ang mga tanong niya ay ipinasok ni Dada sa bunganga niya ang kalahati ng mansanas na kinakain nito.

“Bargaining ang tawag diyan,” anito sabay upo sa bakanteng upuan sa tapat niya.

Kinuha ni Jhoey ang mansanas sa bibig niya at nginguya ang nakagat na parte niyon.

“Alam ko ang five stages of coping. Huwag ka nang mag-lecture sa ’kin. Pinagdaanan ko na iyan nang iwan ako ni Jay at ipagpalit sa bobita niyang kabit.”

“Kabit kaagad? Puwedeng ipinagpalit ka lang? Hindi pa naman kasi kayo kasal.”

“Eh, ano’ng tawag mo sa nang-aagaw sa lalaking may nobya na?”

“Madiskarte ang tawag d’un. Palibhasa kasi para kang si Maria Clara. Nakalimutan mo nang bagong henerasyon na ang mga babae ngayon. Kung hindi ka madiskarte ay mapag-iiwanan ka.”

“Tigil-tigilan mo ako, Dada, ha. Sa lahat ng ayaw ko ay ang ipinapasok ang pagiging konserbatibo ko sa usapan. Kung makapagsalita ka ay parang may boyfriend ka gayung kahit isa ay wala namang nanliligaw sa ’yo.” Sa inis ay sunud-sunod ang pagkagat na ginawa niya sa mansanas.

“Personalan na iyang banat mo,” nagtatampong sabi nito.

“Tingnan mo nga. Ganyan ba ang tapos nang dumaan sa five stages of coping? Eh, mukhang nasa denial stage ka pa rin. Ang sa akin lang, sabay-sabay na ang kamalasan na nagsidatingan sa ’yo, Jhoey.”

“Sa atin. Hindi lang sa ’kin. Kasalanan ko pa ngayong natanggal ako at hiniwalayan ko ang taksil kong ex matapos niyang makabuntis?”

“Wala na akong sinabi. Sa ngayon, tigilan mo muna iyang pagmumukmok mo. Wala ka o akong karapatang ma-depress sa ngayon dahil nagpunta dito kanina si Mrs. Torres. Kung hindi daw tayo makakabayad sa utang nating tatlong buwang upa, kasama pati ’yung upa ngayong buwan ay mae-evict na tayo sa apartment na ito.”

Nang marinig ang sinabi ng kaibigan ay nalunok ni Jhoey ang mansanas na hindi pa nangunguya. Sunud-sunod ang naging pag-ubo niya. Lumapit naman si Dada at hinagod ang kanyang likod. Nang makabawi siya ay naupo na ito sa tabi niya.

“Hindi mo ba pinakiusapan?”

“Kung pakiusap lang ay hindi ako nagkulang. Pero hindi naman ako katulad ng mga nasa *Koreanovela* na pinapanood mo na umabot sa paluhud-luhod para maawa si Mrs. Torres. Isa pa, ikaw lang naman ang two-faced dragon sa atin—kayang maging maamo o mabangis kung kailan mo gustuhin.”

Napatingin na lang siya sa kisame. “Bruhilda ka talaga,” nagpipigil niyang sabi.

“Matagal na. Pero mas bruhilda ang may-ari ng apartment na ito. Saan ka nakahanap ng apartment na walang maintenance pero hindi man lang bumaba

ang renta gayong ilang libo rin ang nagastos natin para maipaayos ang faulty wiring at tumutulong bubong? Ang barat-barat talaga ng Mrs. Torres na iyon. Wala namang lahing Intsik pero kung makapagnegosyo wagas. ”

Tama ito, pero wala sila sa posisyon para magreklamo. Masasabing ang apartment na nila ang may pinakamababang renta kung ikokonsidera ang lokasyon at ang laki niyon.

“Ano’ng sinabi mo nang magbanta siyang paalisin tayo?” Hindi ito makatingin nang derecho sa kanya. “May sinabi ka, Dada?” nagdududang tanong niya.

“Ang sabi ko, huwag siyang mag-alala. Sa oras na dumating ka ay isasaksak natin sa bunganga niya ang pera na ipinagpuputok ng butse niya. Akala ko kasi ay susuweldo ka na.”

Parang sasabog ang ulo ni Jhoey. “Kahit pa sumuweldo ako, hindi pa rin iyon sapat para makabayad sa utang natin.”

“Sorry na. Tao lang. Nagkakamali din.”

Kung siya siguro ang nandoon sa apartment nang nagpunta si Mrs. Torres, wala siguro silang ganito kalaking problema sa renta. Sa ginawa ng kaibigan ay imposibleng pagbigyan pa sila ng ginang. Sa hirap

maghanap ng trabaho ngayon, saang lupalop siya kukuha ng twenty-five thousand na ipambabayad sa utang nila sa bahay?

“Marcus, tama na iyan,” saway ng kanyang ina.

Itinabi na ng ginang ang bote ng *Johnnie Walker* na halos kalahati na lang ang laman. Hindi na siya tumutol. Gaya nang mga nagdaang gabi ay uminom siya para makalimutan ang sakit at kahihiyan. Halos magdadalawang buwan na siyang ganoon dahil ang babaeng pakakasalan niya sana ay ipinagpalit siya sa kliyente ng engineering firm na pinagtatrabahuhan niya. Bukod sa sakit na dulot ni Bianca sa kanya ay naging usap-usapan siya sa opisina at ng mga kapitbahay nilang karamihan ay mga Pinoy rin. Palibhasa sa isang Filipino Community sa California napili ng mga magulang tumira.

“Magpapahangin lang ako sa labas, Ma,” paalam niya. Bago pa makahakbang ay natumba na siya sa sahig.

Agad na nakaalalay ang ina sa kanya. Sa halip na sa labas ay inalalayan siya nito papunta sa kanyang kuwarto. Dahil malaki siyang tao ay walang gaanong tulong ang ginawa ng ina na pag-alalay sa kanya.

Pero nakarating naman si Marcus sa kuwarto niya nang hindi natutumba uli.

“Ilang buwan ka nang ganito, Marcus. Maiintindihan ko kung ilang araw lang. Pero ang umabot sa ganito na binubugbog mo ang atay mo ng alak at sinisira mo ang buhay mo, hindi ko na ’to mapapalampas.”

“Ano ang gusto mong gawin ko, Ma? Pumasok sa trabaho gayung alam ng mga katrabaho ko ang nangyari sa amin ni Bianca? Pinagtatawanan nila ako, Ma.”

“I want you to fix yourself. If you can’t face your workmates, then find another job. You are a brilliant engineer, Son. Kahit saang kompanya ka mag-apply ay siguradong matatanggap ka.”

“I can’t. I’ve been with that firm from the start, ayokong sayangin ang ipinuhunan ko d’un.”

“Mahalaga pala ang trabaho mo sa ’yo. Bakit hindi mo subukang mag-report sa opisina?”

“Sa ngayon mas gusto kong dito lang muna sa bahay magtrabaho.” Hindi siya makatingin nang derecho sa ina. Parang may sasabihin pa sana ito, pero piniling manahimik na lang.

Kinabukasan ay maaga siyang ginising ng mama niya. May iniabot itong brown envelope sa kanya.

“Ipinaabot ng sekretarya mo.”

Binuksan ni Marcus ang envelope na sa tingin niya ay nakita na rin ng kanyang ina ang laman.

“Pagpasensyahan mo na kung pinakialaman ko na iyan. May proyektong iniaalok ang firm n’yo sa ’yo sa Pilipinas.”

“Ma...” May ideya na siya sa gusto nitong tumbukin.

“Do it, Son. Baka sakaling makatulong ang pag-uwi mo d’un para mas mabilis kang makalimot.”

“Ma, hindi ito ang solusyon sa problema ko.”

“At sino ang solusyon? Si Bianca? Dapat ay matuto ka nang kalimutan siya, Marcus. I suggest you take that project. Sasabihan ko si Lottie na hanapan ka ng matitirahan sa Maynila,” tukoy nito sa pinsang-buo niyang taga-Davao. “I’m sure she has friends in Manila.”

Tahimik na naitanong ni Marcus sa sarili kung posible nga kayang sa Pilipinas maghilom ang sugat niya.

“Ano ang nangyari?” Mababakas ang kaba sa mukha ni Dada. Sinalubong siya nito.

Kagagaling lang ni Jhoey kay Mrs. Torres para makiusap. Gumagana pa yata ang convincing powers niya dahil binigyan sila nito ng dalawang linggong palugit. Iyon nga lang, hanggang doon na lang ang kayang ibigay nito.

“Two weeks. Kung hindi natin mababayaran lahat ay isasagawa na niya ang eviction. Kasalanan mo ’to, eh.” Nagpatiuna na siyang pumasok sa apartment.

Sumunod sa kanya si Dada. May nakahandang juice sa mesa. Magaling talaga sa ganoong bagay ang kaibigan. Kahit na naiinis siya rito ay nabawasan na iyon dahil sa inihanda nito.

“Teka lang. Bago mo ako sisihin nang bonggang-bongga ay i-check mo muna ang email mo. Nagkita kami ni Asper kanina sa mall. May trabaho daw na ibibigay ang kabarkada natin. Actually, nakatanggap siya sa email ng job offer pero hindi siya puwede kasi maliit lang ang lugar nila kaya sinabihan niya akong i-check na rin ang email ko or sa ’yo. Baka daw kasi nag-message din sa ’tin si Lottie.”

It took her a few seconds to recall who Asper

was. “As in Asper Batubalunos?”

Barkada nila ito noong college. Sila lang yata ni Dada ang hindi nagtapos ng kolehiyo. Malamang ay professor na si Asper sa isa sa mga kilalang unibersidad sa Maynila o di kaya ay nagtratrabaho sa isang kilalang research lab. BS Biology ang course nilang magkakabarkada noong college.

“Oo, that Asper. May asawa na siya at dalawang anak. Guro siya sa *PLM*. Seaman ang napangasawa niya kaya wala siyang problema sa pera di gaya natin,” walang-buhay na pagsasalaysay ni Dada.

Gaya ng inaasahan niya ay hindi kuryusidad kundi inseyuridad ang nabuhay sa katawang-tao nito.

“Ano pa ang napag-usapan n’yo?”

“Wala na. Nasa oras ako ng trabaho kaya hindi na ako nakipag-usap masyado. Ang dapat mong malaman, eh, may trabaho na naghihintay sa ’yo.” Sumigla ang boses ni Dada sa pagbanggit sa salitang trabaho.

“Akalain mo, sa pagkalawak-lawak ng Maynila ay nagkita talaga kayo ni Asper,” di-napigilang sambit niya.

“Kahit anong himala ay posible sa taong gipit. Kaya kung ako sa 'yo buksan mo na ang vintage na laptop mo nang ma-check na natin kung totoo ang sinabi ni Asper.”

“Wala nang load ang internet ko.”

“Nagpa-load na ako. Go na dahil aabutin pa iyan ng siyam-siyam bago mag-load iyang laptop mo.”

“Ito kung makaalipusta parang meron siyang sariling laptop,” bubulong-bulong na sabi ni Jhoey habang ino-on ang laptop. Nang mailagay na niya ang username at password ay pinindot na niya ang sign in na button.

“Pindutin mo na iyong inbox,” excited na utos ni Dada.

“Mas mabilis ka pa yatang magsalita kaysa sa processor ng laptop ko,” sabi niya.

“Sorry na. Shut up na ako.” Itinaas pa nito ang kamay at umaksyon na izi-zipper kunwari ang bibig.

Ilang sandali pa ay nakita na ng mga mata ni Jhoey ang email na galing kay Lottie. Nananadya rin yata ang *Internet* at laptop niya dahil parang mas matagal kaysa sa ordinaryong paglo-load ang nangyayari. Matapos mabasa ang email ni Lottie

Mischievous Romance - Cassandra Victoria

ay sabay silang napatalon sa tuwa ni Dada dahil ang tanging nakatawag sa pansin nila ay ang tumataginting na forty thousand pesos.

2

Tanaw na ni Marcus ang siyudad mula sa bintana ng eroplano. Hindi niya alam kung magugustuhan niya rito sa Maynila. Pag umuuwi silang mag-anak ay sa Davao sila namamalagi.

Labing-anim na oras din siyang nagbiyahe mula California to Hong Kong, pagkatapos ay Hong Kong to Manila. Alang-alang sa ina ay tinanggap niya ang alok ng opisina.

Limang taong gulang pa lang siya nang maaprubahan ang mga dokumento niya para makasama sa mga magulang na pumunta sa US at doon na manirahan. Magaling siyang mag-Tagalog dahil iyon ang gamit ng ina at ng ilang kapit-bahay sa pakikipag-usap sa kanya.

Ang mama niya ang naghatid sa kanya sa airport. Magandang ideya sana na sa hotel siya tumuloy, pero hindi pumayag ang kanyang ina dahil baka raw buong araw lang siyang magkulong sa kuwarto at uminom. Kaya kahit na hindi sila gaanong malapit ng pinsan niyang si Lottie ay sinigurado ng ina na pag-uwi ni Marcus ng Pilipinas ay may matutuluyan siya: si Jhoey.

Kabarkada raw ito ni Lottie noong college.

Abot-abot din sa pagbibilin sa kanya ang pinsan tungkol sa pagtira niya sa kaibigan nito. Apartment lang daw na inuupahan ang tinitirahan ng kaibigan nito kaya sana ay pagtiyagaan na lang niya. Tatal hindi naman daw siya magtatagal sa bansa.

Nabanggit siguro rito ng mama niya na two months na ang pinakamatagal na ilalagi niya sa Manila. Kahit hindi sinabi ng pinsan, alam niyang magsisilbi ring mga mata at tainga ng mama niya ang Jhoey na iyon—maybe via Lottie. Kahit na ayaw niyang may makialam sa kanya, kung iyon ang makakapagpapanatag sa mama ni Marcus, okay na siya roon.

Kahit na magiging abala siya sa Manila ay binilinan niya ang sekretarya na i-update siya sa mga nangyayari sa opisina. Saglit siyang sumandal at inihanda ang sarili sa paglapag ng eroplano.

May bitbit si Dada na plackard.

WELCOME TO THE PHILIPPINES

MARCUS ISAAC WILLIAMS

Si Jhoey ay balewalang nakatayo sa tabi nito.

Nang mahimasmasan siya sa malaking offer ni Lottie ay ngali-ngali niyang i-delete ang email nito at kalimutan ang alok na pagkakakitaan. Kahit kasi malaki ang maitutulong sa kanila ng P40K ay hindi naman siya komportableng may makakasama silang bago sa apartment—lalo pa at lalaki. Kaya rin siguro tinanggihan ni Asper ang alok ng Lottie na iyon.

Marami siyang manliligaw at nagkanobyos na rin siya, pero gaya ng sinabi ni Dada ay konserbatibo talaga siya. Sadya nga lang na lapitin siya ng lalaki.

Sinubukan niyang maghanap ng trabaho nitong nakaraan, pero kung gaano kadali siya natanggal ay ganoon siya kahirap matanggap. Nang puro kabiguan ang kinalabasan ng pag-a-apply ni Jhoey sa loob ng isang linggo ay wala siyang nagawa kundi magpasulsol kay Dada na tanggapin ang alok ni Lottie.

Paano, isang linggo na lang ang natitira sa dalawang linggong palugit na ibinigay sa kanila ni Mrs. Torres. Milagro nang matanggap pa siya sa isang disenteng trabaho sa loob ng isang linggo, at imposible ring may magpapasuweldo sa kanya sa loob ng maikling panahong iyon. Samantalang iyong offer ni Lottie ay money in the bank na.

Pero dahil hindi talaga maluwag sa kalooban

niya ang pagtanggap sa offer ni Lottie ay si Dada na ang pinag-reply niya sa email ng kaibigan nila. Sinabi nitong okay lang sa kanila na makipag-share sa apartment nila ang pinsan nitong si Marcus.

“Mahal ba ang ngumiti?” Siniko siya ni Dada nang mapuna nito ang sambakul niyang mukha. Pilit siyang ngumiti. “Plastik!” sumbat nito.

Nai-announce na ang paglapag ng eroplano.

“Eh, sa ganyan lang ang ngiti ko. Gamitin mo ang mga mata mo. Baka hindi tayo makita ni Marcus.”

“Ayusin mo iyang plackard mo.” Siya na mismo ang nag-ayos sa pagkakahawak nito sa plackard.

“Ikaw kasi, eh. Hindi ka man lang humingi ng litrato kay Lottie para naman may ideya tayo kung ano ang hitsura ng hinihintay natin.” Sadyang hininaan ni Dada ang boses pero nakarating pa rin iyon sa kanyang pandinig.

Eh, sino ba ang aligagang nag-reply sa email? Pero hindi na niya iyon nagawang isatinig. Napailing na lang si Jhoey. Nang magsilabasan na ang mga pasahero ng kararating lang na eroplano ay tinulungan niya si Dada sa paghawak ng plackard. Itinaas pa nila iyon. Napatingin siya sa kaibigan nang biglang hinigpitan nito ang kapit sa isang kamay niya.

“Artista!” tili nito. Kulang na lang ay magtatalon ito.

Kung puwede lang talaga ay hinampas na niya ito ng plackard. Binitawan niya iyon at sandaling tinakpan ang mga tainga. May mga napalingon sa kinatatayuan nila. Gusto niyang kutusan si Dada. Humihingi ng paumanhin na tinanguan niya ang mga napatitig sa kanila. Mabuti na lang at hindi nagkakomosyon sa ginawang pagsigaw ng kaibigan niya.

Nang tingnan niya ang direksyong tinitigan ni Dada ay medyo naintindihan niya ang kagagahan nito. Ilang dipa lang ang layo sa kanila ng isang lalaking sa tingin niya ay lampas anim na talampakan at di maikakaila ang lahing dayuhan. Siguro ay hanggang balik lang siya nito.

Hindi napigilan ni Jhoey ang sariling tingnan mula ulo hanggang paa ang lalaking nakapagpatili kay Dada. Mula sa buhok na ewan kung sinadyang guluhin hanggang sa makakapal na kilay, mga matang kulay kape, ilong na matangos, at mga labing parang hinulma ng magaling na manlililok ay parang nabusog na ang mga mata ng dalaga.

Kahit na gusto niyang rendahan ang mga mata ay bumaba pa rin iyon sa katawan ng lalaki. Isang

itim na pang-itaas na pinatungan ng itim ding leather jacket at faded jeans ang suot na damit nito. He looked rugged, makatawag-pansin talaga. Sa dalawang salita ay ‘complete package’ ito: lalaking may angking kaguwapuhan at makisig na katawan.

“Pigilan mo ako, Jhoey, pigilan mo akong lapitan siya.”

Hindi na niya kailangan pang pigilan si Dada dahil hindi pa man ito nakakahakbang ay naglakad na palapit sa kanila ang tinawag nitong artista. Pati ang paglakad ng lalaki ay matatawag na pangmodelo. Magaling talaga itong magdala ng sarili.

Kung si Dada ay parang sirang plaka sa kasasabi ng “Palapit siya sa ’tin!”, si Jhoey naman ay nanatili lang sa kinatatayuan at sunud-sunod ang naging paglunok.

*Sh*t!* tahimik na mura niya.

Kung alam lang niyang makakakita siya ng ganito kaguwapong lalaki ay nagsuot din sana siya ng bestida gaya ni Dada. Para tuloy siyang bata sa *Tweety Bird* na T-shirt, kahit na nga ba naka-jeans siya.

Nang tuluyang makalapit ang lalaki ay nahigit niya ang hininga. Hinawakan nito ang plackard na hawak ni Dada at binasa iyon.

“Marcus Isaac Williams...” Hindi maitatago ang dayuhang accent sa paraan pa lang ng pagbasa nito sa pangalan ng taong kailangang sunduin nila.

Jhoey, tapos ka na sa mga guwapo. Tingnan mo ang nangyari sa inyo ni Jay. Dahil sa kaguwapuhan ng lalaking iyon ay nangaliwa at nakabuntis pa, pagpapaalala niya sa sarili na para bang mabibingwit niya ang kaguwapuhan ng kaharap nila.

Kahit na matangkad siya sa ordinaryong babae, at makinis at maputi siya na parang anak-mayaman at marami ang nagsasabing maganda siya, malabo pa rin sigurong pumasa si Jhoey sa standards ng lalaking kaharap. Nabitawan ni Dada ang plackard at hindi na nahiya sa paghawak sa kamay ng lalaki. Patay-malisyang nag-observa lang siya.

“Artista siya!” kinikilig na ulit ni Dada kay Jhoey.

“No, I’m not a celebrity, although some people do mistake me for a rock band member.”

Hindi niya masigurado kung ngumiti ang lalaki dahil parang walang nabago sa mukha nito. Napabitaw si Dada sa kamay na hawak at hindi na makatingin nang derecho sa lalaki.

“I... I’m really sorry for the trouble,” paghingi ni Jhoey ng paumanhin dahil mukhang nalunok na ni

Dada ang sariling dila. Hindi sa wala siyang binatbat sa Ingles, hindi lang siguro siya komportableng kaharap ang ganito kagandang likha ng Maykapal. “My friend’s not usually boy-crazy. We didn’t mean to keep you.”

“I’m actually the one you are waiting for.”

“Huh?” sabay na sabi nila ni Dada.

“Nasaan pala si Jhoey?” Muntik nang malaglag ang panga niya nang marinig na nag-Tagalog ang lalaki. Kung sinabi nito kaagad, di sana hindi siya nagkandautal-utal sa pag-i-Ingles. “Kayo ba ang inutusan niya para sunduin ako?”

Ouch! Ang 100 pogi points nito ay biglang nabawasan ng cincuenta.

“Inutusan talaga?” Mas mabilis na yata ang bibig niya kaysa sa kanyang utak nang mga oras na iyon.

“I’m Marcus Isaac Williams. No offense, in-expect ko kasi na ang kaibigan ni Lottie ang susundo sa ’kin,” bawi nito. Nakita marahil nito ang paglarawan ng inis sa kanyang mukha.

“Ako si Johaimah Campong, Jhoey ang palayaw ko. Gusto mo pang magpakita ako ng ID para maniwala ka?” matapang na tanong niya, bago naisip

na hindi nga pala siya nagdala ng bag. Nasa bag niya ang wallet na naglalaman ng mga identification cards niya.

Naramdaman ni Jhoey ang paghawak ni Dada sa kanya. Sa kanilang dalawa ay siya ang mas mahinahon pero sa harapan ng lalaking ito ay lumalabas na siya ang mas maldita.

“No need,” nakangiting sagot ni Marcus, na nagpakita ng pantay-pantay na ngipin. “My bad. Sorry if I came off as rude. Pagod lang siguro. Hindi ko sinasadya kung iyon ang dating sa ’yo.”

Ewan kung siya lang ba o talagang hindi sinsero ang paghingi nito ng paumanhin. O baka naghahanap lang talaga ng rason ang utak niya para hindi magustuhan ang lalaking ito na sa simula pa lang ay aminado na siyang pumasa sa standards niya ang kaguwapuhan.

“Sorry na daw, o,” ani Dada na nasa tabi niya, dakilang tagasulsol.

“Okay,” napipilitang sabi ni Jhoey.

“Friends?” sabi ni Marcus sabay lahad sa malaking palad nito.

Mas mabilis pa sa alas kuwatro ang kamay ni

Dada.

Nang matapos mag-handshake ang dalawa ay siya naman ang binalingan ni Marcus. Napipilitang tinanggap niya ang kamay nito. At hindi lang natakpan ang maliit na kamay niya—nakuryente pa siya. Umangat ang mga mata niya sa mukha nito. Wala siyang napansing nabago sa expression ng lalaki.

Imagination mo lang ang spark na iyon, Jhoey, tahimik na pangungumbinsi niya sa sarili.

Hindi siya ang tipong naniniwala sa spark at first meeting, pero iyon lang ang nahagilap niyang paliwanag sa kuryenteng dumaloy nang magdikit ang mga palad nila ni Marcus.

3

Dahil dalawa lang ang kuwarto sa apartment ay doon muna siya pansamantala sa kuwarto ni Dada. Ang kuwarto niya ang ipinagamit nila kay Marcus dahil mas malaki iyon. Binakante ni Jhoey ang closet niya para magamit iyon ng bisita nila. Nailipat na niya ang mga gamit niya sa kuwarto ng kaibigan.

Walang sariling CR sa loob ng bawat silid. Nasa ibaba pa ang comfort room, katabi ng pinakakusina sa apartment.

Nang makita ni Marcus ang estado ng apartment nila ay wala naman itong sinabi. Hindi rin niya ito nakitaan ng pagkadismaya kaya kahit papaano ay nabawasan ang inis ng dalaga rito.

Hindi ka naman talaga inis sa kanya. Umiiwas ka lang na magkagusto sa guwapo, katuwiran ng kanyang isipan na agad din niyang sinalungat.

It was a bad idea, after all.

Lalo't ibinulong ni Dada na nag-text ito kay Lottie at ayon daw sa babae ay bachelor pa ang pinsan nito.

Dahil maaga silang nagising ng babae para

sunduin si Marcus ay nagdesisyon siyang umidlip muna nang makauwi sila. Si Dada ay walang mapagpipilian kundi ang dumerecho sa trabaho nito sa mall.

Si Marcus naman, matapos nilang i-tour sandali sa loob ng di-kalakihang apartment ay tumuloy rin sa silid nito para siguro mag-ayos ng mga gamit at magpahinga.

Dahil sa pagod at antok ay lagpas alas cinco ng hapon na siya nagising. Hindi na nga siya nakakain ng pananghalian. Tiningnan niya muna ang cell phone bago tuluyang bumangon. May text galing kay Dada. Ipinapaalala sa kanyang maging mabait kay Marcus at matatagalan ito ng uwi dahil sa halip na alas cinco na sadyang labasan ay pinag-overtime ito.

Nagpahabol din ito na bayaran niya na ang renta kung maaga siyang magigising—bagay na malabong magawa ni Jhoey dahil napatagal ang tulog niya.

Pupungas-pungas na lumabas siya ng kuwarto at bumaba ng hagdan. Paglabas pa lang niya ng kuwarto ay may naamoy na siyang masarap. Iyon ang unang beses na may ganoong amoy na sa tingin niya ay nagmumula sa apartment nila mismo. Wala sa kanila ni Dada ang mahilig magluto kaya ni isang beses ay hindi pa nangyaring napuno ang apartment nila ng

amoy ng niluluto na masarap na pagkain. Bigla ay nakaramdam siya ng pagkalam ng sikmura.

Hindi niya inaasahang maabutan sa kusina ang isang matangkad na lalaking walang pang-itaas— pinatungan lang ng apron. It was Marcus.

Ang kamalayan niya ay tuluyan nang nagising. Abala ang binata sa kusina nila. Konserbatibo siya pero hindi naman siya ang tipong mapapa-Susmaryosep pag nakakita ng katawan ng lalaki.

Naman! Ganito ba ang outfit ng mga tao sa ibang bansa kapag nagluluto? Hindi ba uso ang kabag d'un lalo na't panahon ng taglamig?

Hindi alam ni Jhoey kung naisaboses niya ang katanungang iyon. Pero sana ay hindi.

Mukhang hindi napansin ng binata na abala sa ginagawang paghahalo ng niluluto nito ang presence niya. Nakatalikod ito at nakaharap sa kalan. Mula sa puwesto ng dalaga ay masasabi niyang maganda ang hubog ng katawan ni Marcus. Ang mga braso nito ay hindi kagaya ng sa mga body builders pero in shape.

Kayang-kaya siguro siyang pangkuin ng matipunong mga brasong iyon. Wala siyang nakitang love handles nang mapadako ang mga mata niya sa bandang baywang nito. Nang mapatingin sa pang-

upo ni Marcus ay hindi niya napigilan ang sariling mapabulong ng *sexy*.

Mahabaging langit! naisaloob niya.

Hindi pa nagbe-beinte cuatro oras ang bisita nila ay kung anong kamunduhan na ang pumapasok sa isipan niya. Nagdesisyon siyang pumanhik na lang ulit sa kanyang kuwarto pero ang labas ay unang baitang pa lang ang nahakbang niya ay bumalik na ang mga mata ni Jhoey sa lalaki.

Ang dalawang kamay ay naipatong na lang niya sa pinaka-railing ng hagdan at hinayaan ang baba na pumatong doon. Ang posisyon niya ay parang sa mga teenagers na nagdi-daydream. Sa pagkakataong iyon, nagsimulang sumayaw si Marcus sa kinakanta nito.

In fairness, maganda ang boses nito.

Naipikit ni Jhoey ang kanyang mga mata while enjoying the aroma of food. Kasama ang boses ng binata na nagsisilbing background—perpekto ang kombinasyon. Nasa mataas na nota na ito nang biglang pumiyok.

Napadilat siya at, lo and behold—the man was already facing her, looking at her with a questioning expression in his face.

Sino nga kaya ang hindi pipiyok kung pagharap ay makitang pinapanood at pinapakinggan pala ito ng kung sino?

Mabuti na lang at kahit nakalarawan ang pagkagulat sa mukha ni Marcus ay hindi nito nabitawan ang hawak na palayok. Hindi rin ito nagpakita ng kapreskuhan kahit nahuli siyang nakatingin dito.

Bigla ay tumuwid siya na parang nilagyan ng bakal ang kanyang likod.

“Hmm... Good morning,” natatarantang sabi ni Jhoey na hindi makatingin nang derecho sa mukha ng lalaki. Para siyang magnanakaw na nahuli sa kalagitnaan ng pang-uumit.

“Good evening, Jhoey,” pagtatama nito.

Inilagay ng lalaki sa patungang goma sa mesa ang hawak na palayok.

Shucks! Obvious tuloy na kinakabahan siya.

“Oo nga pala. Sorry.” Pilit siyang ngumiti para pagtakpan ang pagkapahiya.

Ang mga labi ni Marcus ay naporma sa isang ngiti. At, oo, aaminin na niya sa sarili na iyon ang pagkakataon kung kailan pinakaguwapo ang binata:

kapag nakangiti ito.

Sinita niya ang sarili sa naisip. She cleared her throat. Kailangan niya iyong gawin para pagtakpan ang pagka-tense.

“Nagluto ka pala,” nagawa niyang sabihin kahit pa hindi siya komportable sa pagkakahuli nito sa kanya na nakapikit habang nakikinig sa pagkanta nito.

“Ang mga nakalagay na lang sa freezer ang pinakialaman ko. Although, I’d have preferred beer for a late lunch or shall I say dinner... hindi ko pa kabisado ang lugar n’yo para mag-grocery. Kaya heto, nagluto na lang ako ng adobo at sinigang.”

Nang tanggalin nito ang pinggang nakatakip sa malaking bowl na nasa mesa na ay hindi niya napigilan ang mapalunok. Sa hitsura pa lang ng niluto nitong adobo na nilagyan ng madaming patatas at itlog ay natatakam na siya.

“You are hungry.” Hindi iyon katanungan kundi komento mula rito.

Baka umabot sa pandinig nito ang pagtunog ng sikmura niya. Unconsciously ay napahawak siya sa tiyan.

Inayos nito ang pagkakapatong ng palayok sa bilog na gomang patungan nila ni Dada ng kaldero.

“Hindi kasi tayo nakakain ng tanghalian. Malapit nang maluto ang kanin. For now, sit down and relax.”

Ipinaghila siya ni Marcus ng upuan. Para siyang napasailalaim sa mahika ng adobong niluto nito na napasunod na lang.

Huh! Ginamit pa niyang dahilan ang adobo! Bigla ay naging denial queen siya sa pagdating lang ni Marcus sa buhay este bahay nila.

Tumalikod ulit ito at hinugasan ang paglilipatan marahil ng sinigang na niluto. Para itong hari ng kusina kung kumilos. Alam nito kung paano ihanda ang lahat nang hindi nagpapabalik-balik sa mesa at lababo. Kahit para sa nakararami ay pambabaeng teritoryo ang kusina ay hindi nabawasan ang kakisigan ni Marcus sa ginawa nitong pagkilos doon.

Nang maihanda na nito ang lahat ay naupo ito sa bakanteng upuan sa tapat niya. Siya naman ay pinoproseso pa rin ang mga nangyayari sa loob ng apartment nila. Kaninang umaga lang ay parang bisita na nag-orient sila kay Marcus, ngayon ay parang siya ang bisita sa sariling bahay sa ginagawa nitong pag-eestima sa kanya.

“Eat, eat...” Iniabot nito sa kanya ang kanin. Ang sunod na iniabot nito ay ang lalagyan ng adobo.

Nagsalin si Jhoey ng dalawang malaking parte ng manok sa pinggan niya. Ang huling iniabot ni Marcus sa kanya ay ang lalagyan ng sinigang. Todo-tanggi ang ginawa niya. Napipilitang ibinalik nito sa mesa ang pinaglagyan nito ng sinigang.

“You don’t eat fish?” nag-aalangang tanong ng binata. Mukhang alam na nitong mabilis siyang mainis dito.

“Hindi naman sa hindi ako kumakain. Hindi lang talaga ako fan ng mga lumalangoy na creatures sa dagat.”

Whew! Kailan pa naging by choice ang pagkain ng sea creatures? Kung sinabi niyang may allergy siya, eh, malamang mas nagkalinawan sila.

“Hindi nga?” Parang nakuha niya ang interes nito. Binitawan nito ang hawak na kutsara at tinidor at ibinigay ang buong atensyon sa kanya. Sa paraan ng pagtitig nito ay parang gusto na niyang matunaw.

Nakaramdam lang siya ng malapit sa ganoong pakiramdam sa mga pagkakataong nagkakatagpo ang mga mata nila ng ex niyang si Jay.

“May allergy ka ba? Sayang kung gan’un. Masarap pa naman ang mga lamang-dagat. Sa susunod na magluto ako ng seafood ay bibili muna tayo ng para sa allergy mo para kahit papaano ay makatikim ka man lang.”

Umiling siya. Hindi niya mahagilap ang tamang salita para maipaliwang dito ang dahilan kung bakit ayaw niyang kumain ng lamang-dagat lalo na ng isda.

“Hmm... Do you know *Dyesebel*?” Sa lahat naman ng puwedeng gamiting example para maipaliwanag ang personal na desisyon niyang hindi kumain ng lamang-dagat, si *Dyesebel* talaga ang naisip niya.

“No,” mabilis na sagot ni Marcus.

Shucks! Nakalimutan niyang *Stateside* nga pala ito. Hindi siguro ito fan ng *TFC* kaya hindi nito kilala si *Dyesebel*.

“Okay, do you know *Arielle* the mermaid?”

Sunud-sunod na tango ang ginawa nito. *Mabuti naman.*

“I am her sister. I am a mermaid, too, that is why I don’t eat my kind.” *OMG, Jhoey! Ano ba ang pinagsasabi mo?*

“Really?” seryosong tanong nito.

“Siyempre niloloko lang kita,” mabilis na bawi niya dahil mukhang mapaniwalain ang guest nila. “Hindi lang talaga ako kumakain ng isda dahil takot akong matinik. Mahirap na. Baka iyon pa ang dahilan kaya ako maospital.”

“Fish is good for your body. Hindi ka dapat mapili sa pagkain. Kung tinik lang, magagawa mo namang himayin muna ang isda bago mo ipasok sa bibig mo,” pangaral nito, na parang inuuto si Jhoey. Sinasabi na nga ba’t hindi ito kasing-gullible gaya ng inaakala niya. Ibinaling na nito ulit ang atensyon sa pagkain.

Iyon rin ang ginawa ng dalaga pero hindi niya mapigilan ang sarili na manaka-nakang mapatingin sa gawi ni Marcus. At sa ginawa niya ay naobserbahang hindi lang ang pang-upo ng binata ang sexy kundi pati na rin ang paraan ng panguya nito.

Mukhang magkaka-indigestion pa yata siya. Dahil abala siya sa ginagawang pag-oobserba kay Marcus ay hindi niya napansin ang ginawa nitong paglalagay ng isdang tinanggalan nito ng tinik sa kanyang plato. Kinailangan pa nitong itaas ang kamay sa harapan ng mukha niya para makuha ang kanyang atensyon na kung saan-saan na naglakbay.

“Tinanggal ko na ang tinik para sa ’yo, try it. Baka sabihin mo kay Lottie, hindi man lang kita

inaasikaso.”

Touched... *Teka!* Sarcastic ba ang tono nito? Hindi ba dapat siya ang nagsasabi ng bagay na iyon?

Tinikman ni Jhoey ang isdang tinanggalan nito ng tinik. Gaya ng adobong niluto nito ay masarap din ang sinigang ni Marcus. Sunud-sunod ang naging pagsubo niya na para bang hindi lang tanghalian ang hindi niya nakain.

“May dumi ba ako sa mukha?” tanong niya nang mapansing nakatitig si Marcus sa kanya.

“Ganang-gana ka kasi sa pagkain ng kalahi ni *Dyesebel*,” tila aliw na sagot nito.

Akala niya ay babalik na ito sa pagkain. Hindi pala. Mukhang tapos na itong mag-enjoy sa pagkain nito. Ipinagpatuloy nito ang pagtitig sa kanya habang magana siyang kumakain.

Para makahinga muna sa tension sa pagitan nila na siya lang naman yata ang nakakaramdam ay nag-excuse si Jhoey rito at sinabing may importante siyang dapat na i-text kay Dada. At ang importanteng bagay na iyon ay ang pagbili ng pampatunaw ng kinain dahil kalagitnaan pa lang ng late lunch slash dinner nila ng binata ay kumpirmado na niyang mahihirapan ang tiyan niyang tunawin ang pagkaing

Mischievous Romance - Cassandra Victoria

hindi na niya maalala kung nanguya ba niya.